



Kalayaan: Pagsunod kay Hesus



We can read and obey the Bible, God's Word.

(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (1H 19: 16, 19-21)

¹⁶NOONG mga araw na iyon, sinabi ng Panginoon kay Elias: “Pahiran mo ng langis si Eliseo na anak ni Safat na taga-Abel-mehola, bilang propetang hahalili sa iyo.”

¹⁹Umalis si Elias at natagpuan niya si Eliseo na nag-aararo. Labindalawang pares ng toro ang ginagamit niya, at kaagapay siya ng huling pares. Pagdaan ni Elias sa tapat ni Eliseo, isinuklob niya rito ang kanyang balabal. ²⁰Pagdaka’y iniwan ni Eliseo ang mga toro, humabol kay Elias at nakiusap: “Magpapaalam po muna ako sa aking ama’t ina, at pagkatapos ay **sasama na ako sa inyo.**”

Sumagot si Elias: “Sige, umuwi ka muna.”

²¹Umuwi nga si Eliseo. Nagpatay siya ng isang pares na toro at iniluto. Ginamit niyang pangatong ang mga pamatok at mga araro. Ipinakain niya ito sa mga tao, at sumunod kay Elias at naging katulong nito.

Tema: **Sumunod si Eliseo kay Elias**

PAGPAPALIWANAG

- Ayon sa liturhiya ng Linggong ito marapat na unawain ang mga pagbasa sa aspeto ng pagiging tagasunod (disipulo). Sumunod si Eliseo kay Elias.
- Bagama’t maaari ring bigyang tuon ang proseso ng paghahalili (*succession*). Malapit nang umalis ang Propeta Elias (Si Yahweh ang aking Diyos, ang pakahulugan ng kanyang pangalan) at susundan na siya ni Propeta Eliseo (Ang Diyos ay nagliligtas, ang pakahulugan ng kanyang pangalan).
- Bago maging ganap na propeta si Eliseo, kinakailangan niyang matuto buhat kay Elias. Kinakailangan ng Diyos ang mga propeta upang makipag-ugnayan sa mga hari ng Israel.
- Sinasabi ng b.16 na pinili ni Elias si Haring Jehu (842 – 815 BCE). May kapangyarihan ang Diyos sa mga hari ng Israel sa pamamagitan ng propeta.
- Inilalahad ng b.19 na isang magsasaka si Eliseo na nag-aararo ng bukid. Mayroong 12 pamatok ng kalabaw = mabigat na kagamitan, tila isang *bulldozer* –
- buong panahon ni Eliseo. Bilang magsasaka, mayaman si Eliseo.

- Ang "pagsusuot sa kanya ng balabal" ay isang paglilipat ng kapangyarihan kay Eliseo. Hindi nakasaad kung nagkaroon ng pagtatalaga ng isang propeta gamit ang langis.
- Sa b. 20, tumugon si Eliseo sa tawag, at iniwan ang kaniyang mga hayop at humingi siya ng pahintulot na magpaalam sa kaniyang mga mahal sa buhay.
- Maliwanag na inilalarawan ng b.21 kung paanong tumugon si Eliseo. Kinatay ang mga kalabaw at ginamit ang mga pamatok bilang pangggatong at nagbigay ng isang pagdiriwang (*party*). Nagpaalam siya sa mga materyal na seguridad maging sa kanyang mga pamilya.
- Sumunod si Eliseo kay Elias.

PAGNINILAY

Maaari kang tawagin ng Diyos habang ikaw ay nagtatrabaho (*career*).

Tinawag ng Diyos si Eliseo habang nag-aararo siya ng bukid, nag-aalaga ng 12 kalabaw (na mas malakas kumpara sa 12 kabayo). Mayaman siya.

SALMONG TUGUNAN (Slm 15) D'YOS KO, AKING KAPALARA'Y MANAHIN ANG IYONG BUHAY.

IKALAWANG PAGBASA (Gal 5:1, 13 – 18)

¹Pinalaya tayo ni Kristo upang manatiling malaya. Magpakatatag nga kayo, at huwag nang paaalipin uli!

¹³Mga kapatid, tinawag kayo upang **maging malaya**. Ngunit huwag ninyong gamitin ang inyong **kalayaan** upang masunod ang pita ng laman, kundi maglingkod kayo sa isa't isa dahil sa pag-ibig. ¹⁴Sapagkat ang buong Kautusan ay nauwi sa isang pangungusap, "Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili."

¹⁵Ngunit kung kayu-kayo'y magkakagatan at magsasakmalang parang mga hayop, mauubos kayo.

¹⁶Ito ang sinasabi ko sa inyo: ang Espiritu ang gawin ninyong patnubay sa inyong buhay

at huwag ninyong susundin ang pita ng laman. ¹⁷Sapagkat ang mga pita ng laman ay laban sa mga ninanasa ng Espiritu, at ang mga ninanasa ng Espiritu ay laban sa mga pita ng laman. Magkalaban ang dalawang ito, kaya hindi ninyo magawa ang ibig ninyong gawin. ¹⁸Kung kayo'y pinapatnubayan ng Espiritu, wala na kayo sa ilalim ng Kautusan.

Tema: **Kalayaan Laban sa Pagkaalipin**

PAGPAPALIWANAG

- Sa liham na ito sa mga taga-Galacia, mabusising tinatalakay ni San Pablo ang kalayaang ibinibigay ni Kristo sa mga nananampalataya. Inilalarawan niya ang mga aral buhat sa mga *rabbi* o guro (tungkulin ayon sa batas) bilang pamatok ng pagka-alipin.
- Itinuturo ni Pablo na kay Kristo, mayroong kalayaan. Sa batas o Torah, walang kalayaan. Walang kalayaan kung mabubuhay lamang sa laman.
- Sa b.1, sinasabi ni Pablo binigyan tayo ni Kristo ng kalayaan. Malaya ang mga Kristiyano sa batas at hindi na dapat mahulog muli pabalik dito (pamatok ng pagka-alipin).
- Sinasabi ng b.13 na na ang bokasyon ng Kristiyano ay maging malaya.
- Hindi maaaring salungatin ng kalayaan ang kanyang sarili. Hindi ito pamumuhay ayon sa laman. Hindi maaaring abusuhin ang kalayaan.
- Marapat na dalhin tayo ng kalayaan tungo sa paglilingkod at pag-ibig sa isa't isa (b.14)
- Sa b.15, maliwanag na isinaad ni Pablo kung paano mamuhay sa laman: panlalamang ng isa't isa, pagkilos tila isang marahas na hayop.
- Sa b.16 – 18 ipinakilala ang isang bagong kasabihan (*expression*): mamuhay sa Espiritu. Taliwas ito sa pita ng laman (pagnanasa, sa ngayon wala itong kaugnayan sa batas).
- Magkasalungat ang Espiritu at ang laman. Isang tanda ang mamuhay sa Espiritu (ginagabayan ng Espiritu) ng hindi pamumuhay sa ilalim ng batas (b.18).
- Dito, binigyang halaga ang mga naglalabang

ideya or konsepto: pagkaalipin vs. kalayaan, Espiritu vs. laman.

- Ang maliwanag, magkakasama dito si Kristo, kalayaan, Espiritu at pag-ibig.
- Magkakasama naman ang batas, pamatok ng kahirapan, pag-abuso sa kalayaan, at pita ng laman.

MABUTING BALITA (Lc 9:51 – 62)

⁵¹NANG nalalapit na ang panahong iaakyat si Hesus sa langit, ipinasya niyang pumunta sa Jerusalem. ⁵²Sinugo niya ang ilan upang mauna sa kanya. Humayo sila at pumasok sa isang nayon sa Samaria upang ipaghanda siya ng matutuluyan. ⁵³Ngunit ayaw siyang tanggapin ng mga Samaritano sapagkat siya’y patungo sa Jerusalem. ⁵⁴Nang makita ito nina Santiago at Juan ay kanilang sinabi, “Panginoon, payag ba kayong magpababa kami ng apoy mula sa langit upang pugnawin sila?” ⁵⁵Ngunit bumaling siya at pinagsabihan sila. “Hindi ninyo alam kung anong uri ng espiritu ang sumasainyo,” sabi niya, “sapagkat naparito ang Anak ng Tao hindi upang ipahamak ang mga tao kundi upang ilitas sila.” ⁵⁶At nagtungo sila sa ibang nayon.

⁵⁷Samantalang naglalakad sila, may taong nagsabi kay Hesus, “**Susunod** po ako sa inyo kahit saan.” ⁵⁸Sumagot si Hesus, “May lungga ang asong gubat at may pugad ang ibon, ngunit ang Anak ng Tao’y wala man lamang matuluyan o mapagpahingahan.” ⁵⁹Sinabi ni Hesus sa isa, “**Sumunod** ka sa akin.” Ngunit sumagot ang tao, “Panginoon, hayaan po muna ninyo akong umuwi upang ipalibing ang aking ama.” ⁶⁰Sinabi ni Hesus sa kanya, “Ipaubaya mo na sa mga patay ang paglilibing ng kanilang mga patay. Ngunit ikaw, humayo ka at ipahayag mo ang tungkol sa paghahari ng Diyos.” ⁶¹Sinabi naman ng isa, “**Susunod** po ako sa inyo, Panginoon, ngunit magpapaalam muna ako sa aking mga kasambahay.” ⁶²Sinabi

sa kanya ni Hesus, “Ang sinumang nag-aararo at palaging lumilingon ay hindi karapat-dapat sa paghahari ng Diyos.”

Tema: **Pagsunod sa Paglalakbay ni Hesus**

PAGPAPALIWANAG

- Inilalarawan ng ating teksto ang pagsisimula ng paglalakbay ni Hesus sa Jerusalem. Higit na mahaba ang isinulat ni San Lucas tungkol sa paglalakbay na ito kumpara sa mga naisulat ni San Mateo at San Marcos.
- Sa b. 51 ang mga katagang “Sa kanyang pag-akyat” ay tumutukoy sa kanyang Pag-akyat sa langit (Ascension). Nagsisimula ang pag-akyat ni Hesus sa langit mula sa kanyang paglalakbay patungo sa Jerusalem (kung saan siya mamamatay). Pansinin ang mga mahahalagang salita: “pinili niyang maglakbay patungong Jerusalem”. (Walang makapipigil o makapagbabago sa kanyang isip).
- Sa b.52, gaya nang dati, nagpauna siya ng mga alagad upang ihanda ang mga tao sa pagtanggap sa kaniya.
- Sa b.53, hindi siya tinanggap ng mga Samaritano. Ang dahilan: Sapagkat tutungo siya sa Jerusalem.
- Sa b.54, ninais ng mga alagad na sina Santiago at Juan na parusahan ang Samaria. (mapusok na damdamin ng dalawang alagad na ninais nilang danasin ng Samaria ang dinanas ng Sodoma at Gomora)
- Sa b.55, pinagsabihan sila ni Hesus at sila’y lumipat sa karatig na pamayanan. (Dito maaaring ipagpalagay na tinanggap sila. Hindi naman galit kay Hesus ang lahat ng pamayanang Samaritano.
- Inilalarawan ng b. 57 – 62 ang mga kaganapan sa paglalakbay. Ipinakita ang tatlong nagnanais maging alagad at ang kanilang pagkikiharap kay Hesus.
- Sumunod ang una at ikatlong *volunteer* at nagsabing: “susunod ako sa iyo”. Inanyayahan naman ang ikalawa.
- Tumugon si Hesus sa unang kapalit ng pagiging alagad: walang mapahihingahan, walang

kapanatagan, walang seguridad para sa pamilya at mahal sa buhay, pagkalantad sa masasamang elemento at karahasan, pagkahayag sa lahat ng makasasakit.

- Ang ikalawang tugon ni Hesus: ang sundan siya, hindi niya hinahayaan ang pagkahuli (*delay*). Mahalaga at importante ang misyon. Laging handa si Hesus anumang oras. Maaaring hindi mo na siya makita kung hihintayin mo pang mailibing ang iyong mga namatay na mahal sa buhay.
- Sa ikatlong tugon ni Hesus, ipinapahiwatig na sa pagiging tagasunod o disipulo, hindi na lumilingon sa pinanggalingan o sa nakaraan.

PAGNINILAY

Para kay Hesus, kaakibat ng pagsunod sa kanya ang dagliang pagkilos, wala nang patumpik-tumpik.

II. PAG-UGNAY

Ang Unang Pagbasa ay ang pagtawag kay Eliseo bilang tagasunod ni Elias.

Ang Ikalawang Pagbasa ay tungkol sa pamumuhay kay Kristo. Ito ang kabuluhan ng

pagiging Kristiyanong alagad.

Ang Ebanghelyo ay tungkol sa halaga ng pagiging taga-sunod.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Anu-ano kaya ang mga balakid sa isang tunay na pag-sunod? (talakayan ng grupo)

2. Sa ating parokya, anu-ano ba ang mga paraan kung paano natin madadala ang mga tao papalapit sa Diyos?

3. Buhat sa isang musical, ang awit na *Day by Day* ay may ganitong linya:

“Oh dear Lord, three things I pray: To see you more clearly, follow you more nearly, love you more dearly (Day by Day).” Subukang patugtugin ang awit na ito. **(HM)**

Pagpapaliwanag: **Fr. Cielo Almazan, OFM**

Isinalin ni Cl. Buen Andrew dC. Cruz

(Pangwakas na Panalangin)

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.

Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130